


## Kontakin Kami Ngayon Din para sa Karagdagang Impormasyon!

**Vernon International Student Program**
1401 - 15th Street, Vernon, BC, Canada V1T 8S8

**Phone**: +1-250-549-9263

**Email:** admissions@sd22.bc.ca

www.vernoninternational.ca

@vernoninternational22

@vernon22canada

Vernon BC International Student Program

vernoninternational22

## Bakit Vernon ang Pipiliin?

- Leading tourist area na may mahusay na climate mula summer hanggang winter
- Ito'y safe na lungsod, at ang lahat ay nagsasalita ng Ingles
- Mga akademiya– soccer, golf, hockey, snow sports, atbp.
- World class ski hill
- Personalized na atensyon para sa mga estudyante – sa tahanan at sa eskwelahan
- Mahusay na homestay program
- Entry sa Setyembre, Pebrero, at Summer

Vernon International Student Program

SD22
Dream, believe, achieve!




# Take Flight!

Vernon International Student Program

www.vernoninternational.ca

British Columbia, Canada


# “Isa sa pinaka-desirable na lugar na tirahan sa Canada.”

## Maligayang bati sa Vernon, British Columbia! Ang perfect balance ng likas na kagandahan at exciting na experiences.

Ang Vernon ay isang medium-sized na masayang lugar na nasa kalagitnaan ng mountain resorts, wineries, ski hills, at hiking trails; mayroon din itong downtown shops, restaurants, at napakagandang lakes at beaches. Ang lahat ng amazing amenities at experiences na ito ay complement sa isa sa pinakamahusay na edukasyon sa buong mundo.

Ang Vancouver ay 4.5 oras lamang ang layo kapag magmamaneho, o kaya isang 45-minute flight mula sa Kelowna International Airport malapit dito. Sa katotohanan ay hindi makakalimutan ng bawat estudyante ang kanyang unang experience ng aming lugar. Sinusundo ng aming host families ang mga bagong estudyante sa airport, at pagkatapos ay dinadala sila sa kanilang tahanan sa Vernon habang nagdaraan sa isa sa pinaka-scenic na daan sa buong Canada.

## Nasaan ba kami?




## Mahalagang malaman:

- Populasyon ng Lungsod ng Vernon: 58,000
- Populasyon ng Greater Okanagan Valley: 450,000
- Ito'y isa sa pinaka-desirable na lugar ng tirahan sa Canada
- Ito'y safe na lungsod, at ang lahat ay nagsasalita ng Ingles
- 5 high schools, 14 na elementary schools
- 30 minutes mula sa international airport
- 4.5-hour drive papunta sa Vancouver
- 6-hour drive papunta sa Calgary

## Eh kumusta naman ang weather? Tamang-tama lang!

Ang Vernon ay may napakagandang four-season climate na nag-aalok ng world-class activities at recreational opportunities buong taon. Mainit at maaraw kapag summer, at hindi gaanong malamig kapag winter, kumpara sa ibang mga lugar sa Canada.

- Summer 30° hanggang 35° C (tamang-tama para mag-enjoy sa aming napakagandang lakes)
- Winter 0° hanggang -5° C (tamang-tama para mag-enjoy sa aming world-class skiing)



## May World Class Resorts sa Paligid:

- Predator Ridge Golf Resort
- Silver Star Mountain Ski Resort
- Sparkling Hill Resort & Spa

British Columbia, Canada





# Your Experience of a Lifetime

## Napakagandang Experience para sa Iyo



Bukod pa sa napakahusay na edukasyon, magugustuhan mo talagang manirahan sa Vernon dahil sa lahat ng experience na maibibigay nito.

### School Adventures Sa Loob at sa Labas!

Mapapangiti ka sa recreational activities na nasa labas lamang ng iyong pinto, katulad ng:

- Silver Star Mountain Resort (winter skiing at tubing, at summer mountain biking)
- Napakaraming mountain biking at hiking trails sa valley at sa mga bundok
- Napakagandang lakes and beaches







### Sa aming mga eskwelahan:

Bukod pa sa pakikipagkaibigan sa bawat eskwelahan, marami ring arts, sports, trades, science programs, clubs, at iba pang mga mahusay na pagkakataon para matuto ng bagong skills.

### Ang international students ay lalahok sa iba't-ibang uri ng masasayang activities, kabilang na ang:

- Barbecues
- International Soccer League and Championship
- Hiking at Beach Days
- Ski at Tubing Days
- Ziplining at Aerial Park
- Pumpkin Patch Visit
- Halloween Corn Maze
- Laser Bowling
- Mga trip papunta sa Vancouver, Edmonton, Rocky Mountains, at Victoria
- Movie Days, at marami pang iba...









## “Personalized Learning”

Ang British Columbia ay may isa sa pinakamahusay na sistema ng edukasyon sa buong mundo. Pero hindi lamang ito – ang aming mga tauhan ang siyang gumagawa ng pagkakaiba!

### Success sa pamamagitan ng indibidwal na suporta

Personal kang susuportahan sa iyong buong panahon sa Vernon. Hinahanap mo man ang iyong mga classroom, naghahanap ka man ng mga bagong kaibigan, o nag-aaral ka ng Ingles, ang aming staff ay naroroon para tulungan kang mag-succeed.

### World-leading education

Matututo ka sa isa sa pinakamahusay na lugar sa buong mundo. Ang edukasyon sa Canada, na may 100% participation, inklusibong edukasyon, at pinakamahusay na mga resulta sa reading at literacy, graduation rates, at post-secondary transition, ay niraranggo bilang isa sa pinakamahusay na sistema ng edukasyon sa mundo para sa reading, math, at science sa PISA (Program for International Student Assessment).

### Tungkol sa aming distrito at sa aming mga eskwelahan

- Ang aming international student population ay may mahigit sa 300 estudyante mula sa 20 bansa
- May mahigit sa 3,875 students kung kanino ka maaaring makipag-interact sa aming 5 high schools
- Ang buong SD22 student population ay humigit-kumulang sa 8,600 estudyante





### International Student Programs

- Maligayang binabati mula sa iba’t-ibang dako ng mundo ang mga estudyante mula Kindergarten hanggang sa Grade 12. Kabilang sa mga programa ang:
- Short-term
- Semesters (5 buwan)
- Buong taon (Setyembre-Hunyo)
- British Columbia Graduation



# Enriching

## Nakapagpapayaman




### Mga akademiya

Ang specialty programs na ito ay nagbibigay ng personalized learning opportunities sa mga natatanging setting na nagbibigay-diin sa sports, arts, culture, at sa environment:

- Soccer
- Snow Sports (Alpine, Freestyle, Nordic)
- Volleyball
- Dance
- EarthQuest
- High Performance Golf
- On the Edge Hockey
- Baseball





# Your Home Away from Home

## Ang Iyong Home Away from Home

### "Ang Pinakamasayang Homestay Experience"

Kami ay nangangakong magbigay ng pinakamahusay na homestay experience para sa aming international students. Sa airport pa lamang pagdating mo ay makikita mo na ang mga nakangiting mukha ng iyong host family. Sa buong panahon na ikaw ay naririto, mapapansin mo na sila'y magiliw, interesado sa ginagawa mo, at nagbibigay-suporta sa mga estudyanteng pinapapasok nila sa kanilang mga tahanan.




### "Sinusuportahan ka araw-araw"

#### Ang pinakamahusay na suporta mula sa aming dedikadong team

Mataas ang staff-to-student ratio sa Vernon, kaya't matatanggap mo ang suportang kailangan mo. Ang staff sa aming mga eskwelahan ay certified International/ELL teachers na nagtuturo sa Ingles at nagbibigay ng regular na suporta para sa lahat ng subjects. Kami ay naglalaan ng 24 oras bawat araw na availability ng homestay staff.

#### Binibigyang-pansin ang mga detalye:

- 24 oras bawat araw na availability ng staff
- Maingat ang placement sa mga estudyante
- Safety
- Home inspections
- Well-balanced meals at merienda
- Transportaayon
- Personal na suporta
- Mga malapít na koneksyon sa aming mga eskwelahan
- Regular check-ins ng staff sa bawat estudyante

# Our Schools

## Ang Aming mga Eskwelahan

### "Ang mga pinakamahusay na lugar para mag-aral"

#### W.L. Seaton Secondary



Isang dual-track na eskwelahan na nag-aalok ng English language programming at ng kaisa-isang secondary French Immersion program sa lungsod. Ang Seaton ay may malakas na Arts and Culture program na may award-winning Concert at Jazz bands, at patina Choir, Drama, Musical Theatre, at Visual Arts programs. Dahil marami ang nanggagaling mula sa iba't-ibang mga bansa, ito'y isang magandang environment para sa international students. **Populasyon: 1000, grade 8-12**

#### Charles Bloom Secondary



Ito'y nasa rural community ng Lumby, ang Gateway to the Monashee Mountains. Ang eskwelahan ay nasa gitna ng village malapit sa park, swimming pool, curling rink, skating rink, regional library, at skateboard park. Maganda ang small-town atmosphere ng lugar na ito para sa mga estudyante at staff dahil may paggalang sa isa't-isa. **Populasyon: 375, grade 7-12**

#### Vernon Secondary



Ito'y isa sa pinaka-komprehensibong eskwelahan sa Vernon na nag-aalok ng mga kurso at mga oportunidad sa iba't-ibang mga disiplina at areas. Ipinagmamalaki ng VSS ang kanyang nakamit sa athletics, fine arts, at academics. Ang VSS ay ang pinakamalaking eskwelahan sa Distrito na may magandang building at state-of-the-art technology sa bawat kuwarto. **Populasyon: 1075, grade 8 - 12**

#### Clarence Fulton Secondary




Ito'y nag-aalok ng iba't-ibang academic courses, nakakaenganyong electives, at magagandang facilities. Ang eskwelahang ito ay may mahusay na athletics programs, mahusay na arts and trades electives, at isang community school na malugod na tumatanggap sa lahat. **Populasyon: 775, grade 8 - 12**

#### Kalamalka Secondary




Ito'y nag-aalok ng malakas na academic, athletic at extra-curricular programs para sa lahat ng grado. Ipinagmamalaki ng KAL ang kanyang pagpapanatili ng mataas na academic standards. Ang mga estudyante ay maaaring mag-enjoy sa iba't-ibang athletics, clubs, arts, at nakaka-engganyong electives tulad ng outdoor education, musical theatre, woodworking, at band. **Populasyon: 650, grade 8 - 12**

# VERNON AT PALIGID NA LUGAR: *Your Ultimate Playground!*

**Ang Iyong Ultimong Playground!**

